



ARTIKULO

# **Rebolusyonaryong Palihan: Teorya at Praktika ng Kolektibong Panunuri at Paglikha**

**Michael Francis C. Andrada**

Unibersidad ng Pilipinas  
mykelandrada@gmail.com

## **Abstrak**

Isa sa pinakamaunlad ang produksyon at panunuring pampanitikan ay ang Kilusang Pambansa Demokratiko (Maoista-Leninista-Marxista). Marami itong organong pangkultura at may malinaw na perspektiba at direksyon sa larangan ng panunuring pampanitikan. Isa sa pinakamayabong na produksyon at panunuri sa larangan ng panitikan at kultura ang isinasagawa ng ARMAS, o ang Artista at Manunulat ng Sambayanan, sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Sinuri sa papel na ito ang teorya at praktika ng kolektibong panunuri at paglikha na isinasagawa ng ARMAS, sa partikular ang isang modyul sa rebolusyonaryong palihan na inilabas nito noong 2006. Dumaan sa maraming praktika ng palihan ang ARMAS bago ito nakalikha ng isang depinitibong modyul para sa pagsasagawa ng rebolusyonaryong palihan. Itinuon rin ng papel ang pag-aaral sa nosyon ng kolektibong praktika upang makalikha ng teorya ng kolektibong paglikha.

## **Mga Susing Salita**

**palihan, rebolusyonaryong palihan, ARMAS, panunuring pampanitikan, produksyong pampanitikan**

## Abstract

The National Democratic Movement (Maoist-Leninist-Maoist) in the Philippines is among the socio-political movements in the country with a rich practice of literary production and literary criticism. It has many cultural organs and has a clear perspective and direction in terms of literary criticism. Its cultural arm, ARMAS, or Artists and Writers of the People, under the banner of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP), released in 2006 a definitive module on what it calls "revolutionary workshop." This paper examines the notion of the collective practices undertaken by ARMAS which eviscerated a theory of collective literary criticism and production.

## Keywords

**workshop, revolutionary workshop, ARMAS, literary production, literary criticism**



## Panimula

May puwang para sa palihan sa panitikan ang akademiya, sirkulo ng mga artista at manunulat, at mga kultural na manggagawa at grupo sa kalunsuran man o kanayunan. Bagama't kapag sinabing palihan, kadalasang pumpatungkol ito sa mga "workshop" na inestablisa ng mga pang-edukasyong ahensiya ng estado at ng pribadong mga organisasyon, maging ng sektor ng negosyo. Sa Pilipinas, ang mga "sikat" at "establisadong" mga palihan ay matatagpuang pinasimulan at pinagyayabong ng mga institusyong pang-edukasyon tulad ng mga pambansang palihan ng Silliman University, Unibersidad ng Pilipinas at Mindanao State University-Iligan Institute of Technology. Sumunod rito ang mga pambansang palihan ng Ateneo de Manila University, Iyas-La Salle Bacolod, University of Santo Tomas, at marami pang iba. Kadalasan rin, ang mga kilala't matatagal nang palihan ay kumukuha ng isponsoryip mula sa gobyerno, partikular sa National Commission for Culture and the Arts.

Bagama't may tema ang bawat palihan na isinasagawa ng akademiya kada taon, hindi maitatangi na ang mga workshop na ito'y nagbabago ng layunin depende sa bumubuo nito. Maaari itong magsilbi bilang lunan at okasyon para sa reaksyonaryo't pormalistang diskurso habang nakikipagtunggali naman ang samu't saring kulay ng aktibismo at pagka-

makabayan. Sa ganang ito'y masisipat, kung gayon, na ang paglulunsad ng palihan – at ang operasyon at proseso ng isang palihan – ay nasa ganang utak nito, nasa organisador nito. Sa isang istiryotipikal at mainstream na pananaw, pasok sa pormulasyon at repormulasyon ng kanon ang mga palihan. Pagbibinyag ito sa mga bagong manunulat, habang pagpapatuloy ng bakbakang ideolohikal para sa nauna, mas nakatatanda at mas may karanasang manunulat. Binanggit nga ng Pambansang Alagad sa Sining para sa Panitikan na si Dr. Bienvenido Lumbera na:

Young writing in the Philippines today is largely a production of the academe. The two leading workshops that have turned out the best and the most active young writers in the country are both based in universities... (2000, 185)

Ngunit hindi naman naiimbudo sa institusyunalisado't akademikong naratibo ang palihan. Maging pang-masang mga organisasyon at maging ang rebolusyonaryong kilusang Pambansang Demokratiko ay mayroong mga palihan sa sining at panitikan. Nagsasagawa ng palihan sa panitikan ang progresibong pangkulturang organisasyon na Amado V. Hernandez Resource Center, ang grupong Desaparecidos na kumikilos sa hanay ng mga pamilya na may mga kamag-anak na biktima ng enforced disappearances, ang organisasyong pansining at panteatro na Sining na Naglilingkod sa Bayan (Sinagbayan), at ang mga pambansa demokratikong ligal na organisasyon na Kabataan para sa Tunay na Kalayaan (KARATULA) at Alaysining. Ang andergrawnd na Artista at Manunulat ng Sambayanan, sa ilalim ng National Democratic Front ng Pilipinas (ARMAS-NDF), naman ay naglabas ng *Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* (2006), at ang kaakibat nitong *Apendiks ng Modyul para sa Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* (2006). Humahalaw ito mula sa kasaysayan, teorya at praxis ng mga palihan ng akademiya at ng mga ligal na progresibong organisasyong pangkultura. Gayunpaman, masasabing ang pangkabuuang politikal at kultural na layunin ng rebolusyonaryong palihan ay lubhang mas radikal at progresibo. Sa dokumentong “Hinggil sa Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan” na matatagpuan sa *Apendiks ng Modyul para sa Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* (2006), malinaw na

Kailangan ang rebolusyonaryong panunuri sa dominante o malaganap na mga likhang-sining... Ang paglikha at

pagpapalaganap ng mga ito ay karaniwang kontrolado o impluwensyado ng mga institusyon ng imperyalismo at naghaharing uri. Kailangan ang kritisismo upang matukoy at mailantad ang mapanirang impluwensya o epekto ng dominanteng sining sa kaisipan at kultura ng masa at maging sa mga aktibista at kadre. **Sa kabilang banda, kailangan din ang kritisismo upang makita ang mga positibong elemento sa mga likhang ito na maaaring pag-aralan at gamitin ng rebolusyonaryong artista para sa paglilingkod sa sambayanan.** (8) (akin ang diin)

Batay rito, masasabi na ang pagsasagawa ng rebolusyonaryong palihan ay humahalaw rin mula sa karanasan ng dominanteng sistema. Ngunit higit pa sa paghahalaw ay pinagpapanibagong-hubog nito ang mga produkto't prosesong naturan upang paglinkurin sa rebolusyonaryong interes at adhikain.

Sa digital na edisyon ng PADEPA (Pambansa Demokratikong Paaralan), ang pangkabuuang disenyo ng ideolohikal at kultural na teorya at praxis ng kilusang pambansa-demokratiko, nakasaad ang pagkasangkapan sa elektroniko't digital na pamamaraan para sa pagpapalaganap ng edukasyong pampulitika nito. Ayon sa PADEPA Online (<http://padepaonline.com>):

Dinisenyo ang PADEPA Online upang makaagapay sa mas mabilis, sistematiko at regular na pagpapalaganap ng mga materyal para sa masigla at tuluy-tuloy na paglulunsad ng edukasyong pampulitika sa hanay ng malawak na masa at ng mga aktibista ng pambansa-demokratikong kilusan. Sa minimum na rekisitong mga kagamitan gaya ng kompyuter at printer, maaari nang magparami ng kopya ng mga babasahin at iba pang kagamitang pang-PADEPA mula sa website na ito.

Hindi naman ito nakapagtataka, sapagkat ang rebolusyon ay bukas na lihim – ang layunin at aktuwalisasyon ng rebolusyon ay laging isinasagawa at ang layunin ng kilusan ay palaganapin ito. Kung gayon, sa panahon ng elektronikong teknolohiya, nagsisilbing imbakan ang digital na mundo para sa mas mabilis na pag-akses ng mga materyal na gagamitin naman sa lapat at nakatungtong-sa-lupang pag-ee-duka sa mismong mga miyembro ng kilusan at sa mga naiimpluwensiyahan at pinag-oorganisahan nito.

Makikita sa bahaging “Kurikulum” ng PADEPA Online ang samu't saring sulatin, modyul at iba pang materyales para sa paghahawan ng edukasyong pampulitika. Sa katunayan, bagama't hindi pa naka-upload sa naturang website ang *Modyul*

*para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* ng ARMAS-NDF, maraming batayang babasahin na kaugnay at pinaghalawan ng naturang modyul ang maaakses sa PADEPA Online.

Sa mismong akto at puntong ito maaaring asintahin at ipaliwanag ang *Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* ng ARMAS-NDF. Ang modyul para sa palihan ng kilusang lihim ay kailangang malawakang ipalaganap, sa lahat ng pamamaraang maaari. Sa kasong ito, ang moda ng produksyon at pagpapalaganap sa modyul na nabanggit ay sa dalawang pamamaraan: Una, sa paraan ng pagpapasa at pag-aaral ng nakalimbag o nakasulat na modyul. Ikalawa, sa pamamagitan ng pagpapasa at pag-aaral sa pamamagitan ng elektronikong pamamaraan, sa pamamagitan ng porma, disenyo at teknolohiya ng portable document format (PDF), na maaaring i-email o i-burn sa CD o DVD, at pagdaka'y i-print.

### **Pinag-ugatan ng Modyul sa Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan**

Dalawang manggagawang pangkultura na direktang kalahok sa paglikha at pagpapaunlad ng nasabing modyul sa palihan ang nakapanayam at nagpaliwanag ng prosesong pinagdaanan ng modyul hanggang sa pinal na bersiyon nito: sina Kasamang Tulisan, dating executive director ng isang ligal na progresibong kultural na organisasyong nakatuon sa kilusang paggawa, at si Kasamang Anna Bundok, na kultural na manggagawa sa nasabing organisasyon.

Ayon kina Kasamang Tulisan at Kasamang Anna Bundok, nagsimula ang naturang modyul bilang proyekto ng ligal na organisasyon ng mga progresibong manggagawang kultural na nagbibigay ng mga palihan sa mga manggagawa, anak ng manggagawa, at mga komunidad ng anakpawis. Nagsagawa rin ng mga kumperensiyang pangkultura ang naturang organisasyon upang pag-aralan, dalumat, tasahin at maglagom ng mga direksyon na pinatutunguhan o patutunguhan ng larangang pangkultura ng kilusang masa at kilusang mapagpalaya. Kilala rin ang organisasyon dahil sa noo'y taunang gawad pampanitikan nito na direktang pinalalahok ang mga manggagawa sa paglikha ng mga obrang pampanitikan at likhang sining. Nakatutok noon ang naturang organisasyon sa paglulunsad ng mga art workshop, palihang pampanitikan (tula, awit at kuwentong-buhay), at theater acting workshop para sa mga bata.

Ayon kay Kasamang Anna Bundok, sinimulang ikonseptwalisa at isulat ang unang borador ng modyul sa palihan sa panitikan noong unang bahagi ng unang dekada ng ika-21 siglo. Ang unang borador ng modyul sa palihan ay dumaaan sa masalimuot na proseso ng pagboborador ng executive director at ilang kasapi ng ligal na pangkulturang organisasyon, presentasyon sa mga miyembro nito para sa komento, at kalaunan ay nagsagawa ng test drive sa masang manggagawa at maralitang komunidad, at nagsagawa ng mga rebisyon. Nangangahulugan na ang modyul sa palihan ng ARMAS ay dumaaan muna sa aboveground na proseso, bago pa man rin paunlarin bilang andergawnd na textong magiging ang modyul sa rebolusyonaryong palihan sa panitikan.

Isinalaysay rin ni Kasamang Anna Bundok na “Yung mga unang workshop ng organisasyon, pangit ang kinalabasan. Wala pang module noon, kaya hindi pa alam kung ano ang susundin. Later on, saka na lang nagdevelop ng module batay sa mga karanasan sa mga unang workshop.”

Idinagdag rin ni Kasamang Anna Bundok na “Bago magsimula ang workshop, mayroong basic information na ibinigay yung mga participants. Tapos papipiliin sila kung saang larangan nila gustong lumahok.” Ang nilalaman ng basic information ay pangalan, edad, istatus sa relasyon, may (mga) anak, trabaho, organisasyong kinabibilangan, at pinag-aralan. Ganito rin ang makikita sa pormularyo ng batayang impormasyon ng pagkakakilanlan na nasa pinal na bersiyon ng modyul.

Isinalaysay rin ni Kasamang Anna Bundok na “Sa mga unang workshop, wala namang sinusunod na strict na structure. Kung ano ang napo-produce nila, yun ang pinagbabatayan. Halimbawa, nagkukuwentong buhay kami. Kung paano lang nila kinuwento, aayusin lang ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye. Pero wala namang mahigpit na standard.” Mula sa ganitong mga aboveground na praktis o ehersisyo ng palihan nakakukuha ng inspirasyon at karanasan ang kilusang pambansa demokratiko sa ebentwal na paglikha, pagbuo at pagpapaunlad ng modyul sa rebolusyonaryong palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF.

Nang tanungin si Kasamang Anna Bundok kung ano ang mas pinahalagahan noon sa mga workshop sa ligal na antas, kung ang porma ba o ang nilalaman, sinabi niya na sabay na pinaunlad ang politikal na nilalaman at ang porma. Aniya, hindi rin iwinawaksi ang mga akdang mahusay ang politikal na nilalaman ngunit maaari pang paunlarin ang estilo o anyo: “Mga

mungkahi lang kung paano aayusin ang kuwento, kung paano magiging madulas ang daloy nito.” Masisipat sa ganitong praktis na ang palihan ay isang pagkakataon na paunlarin ang mga “work-in-progress,” na bukas ito sa pagdadalumat at pagpapakaranasan upang magpabalong at magpaunlad ng paraan ng paglikha ng panitikan. Kung kaya’t ang palihan ay isang bukas na okasyon upang konstruktibong paunlarin ang nilalaman at kasiningan ng mga akda.

Higit sa lahat, hindi lamang ang nagpapadaloy ng palihan ang pinagmumulan ng istandard. Ayon kay Kasamang Anna Bundok, hinihikayat nila na magsalita ang lahat ng nais magsalita o magpahayag tungkol sa mga akdang ibinunga ng workshop. Idinodokumento sa pamamagitan ng pagtatala at pagrerekord (tape recorder) ang buong palihan upang mayroong babalikan para sa pagsisinop at pag-aaral. Isinuma naman ni Kasamang Tulisan na mahalaga na marinig ang tinig at opinyon ng mga kalahok, laluna ang mga tinig at opinyon ng masang anakpawis na isinagilid ng dominanteng sistema. Paraan ito upang makasinop ng tinatawag na “pamantayan sa sining” na nagmumula sa nakararami.

Ang ganitong mga pahayag nina Kasamang Anna Bundok at Kasamang Tulisan ay konsistent sa posisyon ng dokumentong “Hinggil sa Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan” na matatagpuan sa apendiks ng modyul sa palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF:

Upang maging lubos ang rebolusyonaryong panunuri, ito ay isinasagawa hindi lamang sa pagitan ng mga rebolusyonaryong pwersa. Ang mga rebolusyonaryong likhangsining ay dapat ibukas sa panunuri, puna at mungkahi ng awdyens o ng masang siyang tumutunghay sa mga ito. Ang mga damdamin at ideya na iniwan ng mga likhang-sining sa masa ang ultimong huhusga kung ang mga ito’y naging epektibo sa paglilingkod sa masa. (2006, 9)

Nangangahulugan na ang pamantayan ng kasiningan at pagiging epektibo ng mga likhangsining ay mas magiging makabuluhan at mapaghawan kung nagmumula sa pinakamarami, kung nagmumula sa masa.

Konsistent ang ganitong pagtingin maging sa pagsipat ni Lumbera, na maituturing bilang alternatibo at progresibong tinig sa loob at labas ng akademikong diskurso ng panitikan:

Kailangang isali natin ang publiko, ang *audience*, sa ating pag-uusisa. Madalas na isinasantabi ang publiko kapag pinag-uusapan ang likhang pampanitikan.

....

Sa kabutihang-palad, iginiiit ng madla na sila ay buhay, may sariling pandama at pag-iisip at may kakayahang mamili kung alin ang akdang kanilang pahahalagahan. Maaaring ang kanilang pamimili ay hindi umaayon sa panlasa ng awtor at ng kanyang mga kaututuang-dila, dahil may sarili silang pamantayan kung alin ang makabuluhan at makabubuti sa kanila... Ang kamalayang iyan ay may buhay na hiwalay sa awtor at akda, ngunit sa pagkakataong magtugma ang nakapaloob sa kamalayan at ang mga salita ng akda, may nagaganap na pagpukaw na nagiging sanhi ng pagkilos. (Lumbera 2000, 97-98)

Mainam na diskurso ni Lumbera ang pagpapasaludsod na ang madla ay may sariling parametro at pamantayan ng pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan, bukod pa sa sila'y tunay namang may sariling produksyong pangkultura at pampantikan. Nangangahulugan ang ganitong pagtuon sa produksyon at reproduksyong pampanitikan ng masa, at ang mismong produksyon at reproduksyong pampanitikan ng mga kilusan.

Halimbawa, naobserbahan ni Kasamang Anna Bundok na sa mga palihan na kanilang isinasagawa ay "mas marami ang lumalahok sa song writing at tula kaysa sa kuwentong buhay." Magandang sipatin ang ganitong obserbasyon at ang ganitong pagpili ng masang kalahok sa palihan. Makikita rito na mayroong sariling pamantayan at pamamaraan ang madla sa paglikha ng sining, ng konsepto ng kung anong akdang pampanitikan sila pinaka-komportableng lumikha. Idinagdag pa ni Kasamang Anna Bundok na tula at kanta ang pinipiling lahukan ng mga kalahok sa palihan nila sapagkat "yung iba ay nahihiyang magbahagi ng kuwentong buhay. Kasi parang masyadong mabigat pa para sa kanila yung kuwentong buhay dahil masyadong personal."

Itong ganitong obserbasyon ay sa aktwal paninipat sa distinksyong personal at politikal pagdating sa paglikha ng mga akdang pampanitikan at pansining. Paano nga ba susuriin ang ganitong demarkasyong mismong ilang kalahok sa palihan ang nagpapatalos? Sa modyul sa palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF, pinaaalalahanan ang tagapagpadaloy ng palihan na kailangan niyang ipatamo sa lahat ng kalahok ang halaga ng isang bukas-sa-loob, tapat, at konstruktibong paglikha. Sinisimulan ito sa pamamagitan ng isang pagsasanay upang masimulan



...ang paglikha ng akda. Hindi kailangang makinis agad ang mga isinusulat. Bagamat sa mga bagay at karanasan sa paligid nagmumula ang mga malikhaing akda, mahalagang matutunan ng mga kalahok ang paglalabas ng mga ideya at nasasaisip sa pamamagitan ng inisyal na pagtatala. Natupad ba ng pagsasanay ang layunin na alisin ang bagahe ng mga kalahok ukol sa pagsusulat? (2006, 14)

Sa pag-alis ng bagahe ng mga kalahok ukol sa pagsusulat, inaasahan na maaalis rin ang bagahe ng mismong pagbabahagi, sapagkat inaasahang maipatatals na ang pagsusulat ay kapwa personal at politikal na pagbabahaginan at may adhikaing idokumento ang buhay, pagkilos at pakikibaka ng mamamayan at kilusan, na ang primarya pa ring pamamaraan ng transportasyon ng adhikain ay ang oral na tradisyon.

Ayon kay Kasamang Anna Bundok, sa usapin ng talaban ng oral at nakasulat na panitikan, ang palihan ay may pagpapahalaga sa parehong tradisyon: "Kung hindi nakasusulat ang isang kalahok, o hirap sa pagsusulat, may tutulong na magtala para sa kanila ng kuwentong buhay nila." Dagdag pa niya, pagkilala ito sa iba't ibang antas ng literasi na naabot ng mga kalahok sa palihan. Nangangahulugan rin ito na bahagi ng dokumentasyon ng buhay ng maralita, mamamayan, at ng mga organisadong puwersa ang paglikha ng maipapasang panitikan ng adhikaing rebolusyonaryo. Nilinaw rin ni Kasamang Anna Bundok na "Ang mga kasama (pangkulturang manggagawa at miyembro ng Partido Komunista ng Pilipinas o PKP o Partido) mismo ay nakalubog sa kanayunan at hindi lang nagmumula sa sentro."

Halimbawa, sa kaso ng produksyong pampanitikan ng mga rebolusyonaryong puwersa sa Eastern Visayas, sa isang panayam ni Jose Duke Bagulaya sa isang "revolutionary cultural critic who refused to be named" (2006, 141), makikita kung saan nagmumula ang mga batayan ng kilusang lihim sa pagbubuo ng istandard mula sa karanasan:

All these revolutionary art forms are rooted in various other, traditional forms so that it seems difficult to speak of a single dialectical unity. There is, however, one single thread that ties all the revolutionary forms: their roots in oral tradition. The adaptation and other forms of poetry are connected tot the oral tradition of Eastern Visayas in the sense that all of them are originally recited and sang. This is due to the fact that writing has always been the privilege of the elite – the ilustrados. As earlier

argued, the rise of 20th century Waray literature in Leyte emerged with the rise of the ilustrados who were trained to use the pen. And since the masses do not have access to that knowledge, they only have to rely on ancient oral tradition. (2006, 141)

Nangangahulugan ang lahat ng mga pagsisikap na ito ng mga pangkulturang manggagawa, rebolusyonaryong puwersa, at mamamayan na ang paglikha ng modyul ay bunga ng pag-oorganisa ng mga manggagawang pangkultura sa kanayunan at kalunsuran. At na bago marating ng modyul ang nakasulat o nakalimbag na bersiyon nito ay produkto ito ng masalimuot at matagal na proseso ng pagsasapraktika ng teorya ng palihang rebolusyonaryo, maging sa mga panahong wala pang modyul, at malaki ang paghuhugis ng oral na tradisyon ng paglikha ng pamantayan at ng mismong sining.

Upang masinop, masuma, mapaunlad at malubos ang paglikha ng modyul sa palihan sa panitikan, isinalaysay ni Kasamang Anna Bundok na noong 2004, tinipon ang mga gulugod na grupo ng PKP na kumikilos sa ligal at andergrawnd na larangan upang talakayin ang borador ng *Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* na noo'y "modyul" pa lamang ang kanilang tawag. Kabilang sa mga gulugod na grupo (PG o party group) ay ang mismong selyula (cell) na nagpapatakbo ng mga ligal na pangkulturang organisasyon ng mga artista, manunulat, mandudula, at iba pa, na kilala sa progresibong paghahawan ng anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-burukrata kapitalistang sining at kultura. Naka-Powerpoint Presentation ang nasabing modyul nang ipresenta ang borador upang kumuha ng mga mungkahi.

Isa sa mayor na mungkahi, ayon kay Kasamang Anna Bundok, ay ang pagpapakita o paglalahok ng mga "sample text" o mga akdang pampanitikan na maaaring gawing halimbawa ng rebolusyonaryong panitikan. Idinagdag pa ni Kasamang Anna Bundok na matalas ang borador sa pagsipat sa sitwasyong pangkultura sa bansa, gabay ang Marxismo, Leninismo at Maoismo bilang teoretikal na gulugod. Kalakhan rin ng mga konsepto, politikal na kritisismo, at praksiyolohiya ay nakabatay sa rebolusyong pangkultura ni Mao Zedong. Humalaw rin ang modyul mula sa karanasan at praktis ng kilusang pangkultura mula sa kanayunan, kalunsuran, akademiya, progresibong organisasyong pangkultura tulad ng PAKSA, na humalaw rin sa mga aral ng rebolusyong pangkultura ni Mao Zedong.

Nang tanungin si Kasamang Tulisan, na executive director ng ligal na organisasyong pangkultura, kung siya ba ang nagsulat ng unang borador ng modyul, matagal siya bago nakasagot. Nag-aalinlangan si Kasamang Tulisan sa konsepto ng “indibiwal na pagsusulat ng modyul” sapagkat aniya, bagama’t siya ang nagsatitik nito sa papel ay “produkto ang modyul ng kolektibong pagkilos, ng mga isinagawang palihan nang wala pang modyul, ng dokumentasyon ng mga palihan sa mga manggagawa at anakpawis at komunidad, at ng kolektibong paglalagom.” Ayon pa kay Kasamang Tulisan, ang pamunuang pangkultura ng kilusang pambansa demokratiko ay nagbigay ng direktiba upang lumikha ng manwal o modyul sa palihan sa panitikan na magagamit sa pagsusulong ng rebolusyonaryong adhikain. Bilang ligal na organisasyong pangkultura na nakapailalim sa pangkulturang kagawaran ng pambansa demokratikong kilusan, ang mayamang karanasan nina Kasamang Tulisan, Kasamang Anna Bundok at iba pang miyembro ng Partido na mga manggagawang pangkultura ay malaki ang naiambag sa pagboborador at pagpapaunlad ng *Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan* ng ARMAS-NDF. Ayon kay Kasamang Tulisan, ang pagpipinal ng nasabing modyul ay hinawakan na ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon (PAKED) ng PKP, ng rehiyong Bikol. At sa ngayon, ang ARMAS-NDF, bilang pambansang katipunan ng mga artista at manunulat, ang siyang nagpapatalos ng kolektibong pangalan at kolektibong produksyon ng modyul.

### **Rebolusyonaryong Palihan at Kolektibong Panunuri’t Paglikha**

Mula sa malawak at matagal na proseso ng paglikha ng modyul, ang pinal na bersiyong nakasulat ay ibinubunyag ang sarili nitong praksiyolohiya, tulad nang mamamataan sa mismong balangkas nito. Nahahati ito sa dalawang bahagi.

Ang unang bahagi, “Ang mga Rebolusyonaryong Palihan sa Sining at Panitikan,” ay naglalatag ng (a) paliwanag at layunin ng palihan, (b) esensiya ng modyul bilang “gabay ng tagapagpadaloy sa pagpapatakbo ng palihan,” (c) sino ang maaaring maging kalahok sa palihan, at (d) sino ang tagapagpadaloy at ano ang kaniyang mga responsibilidad. (2006, 7) Ipinaliliwanag sa unang bahagi kung para kanino at para saan ang isang rebolusyonaryong palihan:

Ito'y para sa mga kadre, Pulang mandirigma at tim o iskwad-pangkultura ng Bagong Hukbong Bayan; mga elemento ng Partido, aktibistang masa, at yunit ng mga aktibista sa kultura sa lokalidad. Ang mga modyul ay maaari ring iangkop para sa palihan ng mga pambansa-demokratikong grupong pangkultura sa kanayunan man o kalunsuran. (2006, 5)

Malinaw sa sipi na, sa pangunahin, ang intensyon ng modyul ay upang gamitin at palaganapin sa mga miyembro ng kilusang lihim sa payong ng Pambansang Nagkakaisang Prente o National Democratic Front (NDF) ng Pilipinas. Ang nasabing nagkakaisang prente ay ang siyang kinapapalooban ng mga alyadong organisasyon nito, andergawnd man o "bukas" / "legal" na pambansa-demokratikong organisasyon. Sa Article IV (General Program), Section 9 ng konstitusyon ng NDF, nakasaad na kasama sa programa nito ang promosyon at pagpapaunlad ng isang makabayan, siyentipiko at progresibong kulturang masa.

Ang pagpapalaganap nito ay konsistent sa tinuran ni Jose Maria Sison sa kaniyang "Mensahe sa PAKSA Hinggil sa mga Tungkulin ng mga Kadre sa Larangan ng Kultura":

Ang mga kadre sa larangan ng kultura ay tulad ng mga kumander na namumuno sa mga batalyong pangkultura—ang masa na libu-libo, sampu-sampung libo at milyun-milyon ang dami. Ang mga tagasubaybay ng rebolusyonaryong mga obrang pampanitikan at pansining ay di mabibilang. Maaaring maulit nang napakaraming beses ang isang pagtatanghal ng dula o likhang-sining, kaya't napakahirap sabihin kung gaano karami ang nakapanood nito. Maaaring limitado ang kakayahan sa paglalathala ng isang palimbagan, pero ang isang mahusay na akdang pampanitikan nama'y naipapasa-pasa at natatalakay nang walang tigil.

Sa unang bahagi ng modyul ay malinaw na pinasasapol ang konsepto ng rebolusyonaryong sining para sa kilusang pambansa demokratiko. Ang rebolusyonaryong sining at panitikan ay (a) "mga buhay na dokumentasyon ng digmang bayan," (b) "dapat na isanib nang mahusay sa mga gawaing pagbubuo at pagpapatatag ng baseng masa, rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka," (c) dapat gamitin "upang makatulong sa pagpapanibagong-hubog ng mga kasama," (d) dapat gamitin sa "pagsusulong ng proletaryong pananaw sa daigdig, pagpapanday ng proletaryong aktitud at disiplina, at pagsapol

sa esensiya ng sakripisyo at paglilingkod sa masa,” (e) “pinatatampok ang masa bilang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan,” at (f) epektibong naisasanib sa mga “rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at kalunsuran.” (2006, 5-6)

Ang ikalawang bahagi ng modyul ay ang sentrong texto na “Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan.” Nahahati ang bahaging ito sa [a] pambungad, [b] listahan ng mga gagamitin sa palihan (tulad ng panulat at papel, blakbord at tsok, tulong-biswal, at gamit sa dokumentasyon), [c] instruksyon “Para sa Tagapagpadaloy” o guro, [d] “Mga Panimula(ng)” gawain (paghahayag ng layunin, pagpapakilanlan, at pagkuha ng inaasahan), [e] “Mga Pamamaraan ng Paglalahad” o eksposisyon, [f] mga ispesipikong anyo o porma ng panitikan (sanaysay, katha at tula), at [g] ang “Pagtatasa.”

Sa pambungad na bahagi, ipinaliliwanag ang disenyo ng palihan, tagal o haba ng panahong gugugulin, ideyal na bilang ng kalahok at iba pang taktikal at lohistikal na konsiderasyon. Maaaring idisenyo ang palihan sa pang-indibihal at panggrupong (tatlo hanggang 15 kalahok) mga pagsasanay. Maaaring ilunsad ang palihan gamit ang buong modyul (tinatayang tatlo hanggang apat na araw ang tagal, “depende sa bilang at kakayanan ng mga kalahok”). Maaari rin namang ilunsad ang palihan nang dinadaan lamang ang isa o ilang anyong pampanitikan sa magkakahiwalay na okasyon at batay sa pangangailangan o kahingian. Iminumungkahi rin sa modyul na sa panimulang paglulunsad ng palihan, bago pumalaot sa mga partikular na pormang pampanitikan, ay tutukan muna ang mga bahaging (a) “Mga Panimula” upang magkaroon ng pamilyaridad sa konsepto ng palihan at (b) “Mga Pamamaraan ng Paglalahad” upang magkaroon ng inisyal na kasanayan sa mga paraan ng eksposisyon ng nararamdaman at naiisip (pagsasalaysay, depinisyon, proseso, paglalarawan, paghahambing, kaibhan, personipikasyon at talinhaga). Praktikal rin ito sapagkat mas maikling panahon at minimal na lohistika lamang ang gugugulin. Sa mga susunod na palihan, dahil may batayang kaalaman na sa “Panimula” at “Paglalahad” ay maaari na lamang rebyuhin ang dalawang bahagi at tumutok na sa mga ispesipikong porma. Upang maging mas interaktibo, maaari ring magkasabay o magkaugnay na ilunsad ang palihan sa panitikan at palihan sa musika, sining biswal at dulaan. Iminumungkahi rin ang posibilidad na maglunsad ng palihan

“maging sa mga libreng oras ng Hukbo habang nakahimpil.” (2006, 9)

Ang bahaging “Para sa Tagapagpadaloy” ay mayroong tatlong ispesipikong instruksyon para sa tagapagpadaloy o guro: (a) pamamaraan ng palihan, (b) kolektibong paglikha, at (c) paggawa ng pamagat. Iminumungkahi sa instruktur ang sumusunod na pamamaraan o daloy ng palihan: (a) panimulang pagsasanay, (b) pagbabasa ng mga nagawa sa pagsasanay at talakayan o panunuri, (c) sintesis ng talakayan o lektyur, (d) muling pagsasanay, at (e) muling talakayan at panunuri. Ang pamamaraang ito ay idinisenyo upang iwasang “magdikta ng alituntunin” sa mga kalahok bago pa man lumahok sa aktwal na pagsusulat. Ipinapaalala sa tagapagpadaloy ang esensiya ng malikhai, tapat at konstruktibong panunuri:

Matapos basahin ng mga indibidwal o grupo ang mga likha mula sa panimulang pagsasanay, unti-unti- unti nang iginigiya ng (mga) tagapagdaloy ang mga kalahok upang ilabas ang mga katangian, kalakasan at kahinaan ng bawat likhang nagawa. Nasa porma ito ng maingat na panunuri. Kinakailangang malikha ng (mga) tagapagpadaloy ang mainam na kondisyon upang maengganyo ang mga kalahok na isalang ang kanilang akda sa panunuri at upang mahikayat sila na lumahok sa panunuri ng akda ng iba pang mga kalahok. (2006, 10)

Pagkatapos ng naturang interaksyon ay susumahin ng tagapagpadaloy, sa pamamagitan ng sintesis o lektyur, ang mahahalagang punto mula sa pagbabahaginan. Sa sintesis ay inaasahang mabibigyang-giya ang mga kalahok upang rebisahin at paunlarin ang kanilang mga akda batay sa kolektibong panunuri at pagtatasa.

Kung pagkukumparahin ang modyul sa rebolusyonaryong palihan ng ARMAS-NDF at ang “Rebolusyonaryong Panunuring Pangmasa ng Panitikang Pilipino Pagkatapos ng Unang Sigwa” ng PAKSA, mayroong kapansin-pansing pagkakatulad at pagkakaiba. Distinktong pagkakaiba ng dalawang texto ay walang mahabang talakay ng dula at awit sa modyul ng ARMAS-NDF. May panaka-nakang banggit sa awit at dula sa modyul ng ARMAS-NDF, tulad ng

Ang iba't ibang anyo ng sining at panitikan gaya ng mga akdang pampanitikan, iba't ibang anyo ng sining biswal, at

pagtatanghal ng mga dula, sayaw, awit, at iba pa ay mga buhay na dokumentasyon ng digmang bayan. (2006, 5)

at

Maaari ring ilunsad ang palihan sa panitikan (o ilang porma ng panitikan), kasabay o kaugnay ng paglulunsad ng palihan sa Musika, Sining Biswal at Dulaan. Halimbawa, maaaring maglunsad ng palihan sa pagsulat ng Tula bago ilunsad ang palihan sa paglikha ng Awit upang ang piyesa o *output* ay magsilbing liriks o titik sa mga gagawing awit sa kasunod na palihan. Maaaring maglunsad ng palihan sa pagsulat ng Tula at Kuwento bago ang palihan sa Sining Biswal upang maging tema ng mga ilustrasyon o komiks; o bago ang palihan sa Dulaan upang pagbatayan ng mga pagtatanghal gaya ng sabayang-bigkas, pagbabasa ng tula at kuwento, skit, at iba pa. (2006, 10)

Nangangahulugan ito na sa pagitan ng Unang Sigwa (1971) at ng kasalukuyan (2006), ang rebolusyonaryong panunuring masa at ang rebolusyonaryong palihan ay dumaan sa dialektikal na pagbabago at pagpapanibagong-hubog sa larangan man ng teorya at praxis, sa larangan man ng ideolohiya ng texto at ideolohiya ng porma. Mayroong hiwalay na modyul sa rebolusyonaryong palihan para sa dula at sining biswal, samantalang iniangkop na ng ARMAS-NDF sa modyul sa rebolusyonaryong mga palihan sa panitikan ang sanaysay at dagli.

Kung ang “Rebolusyonaryong Panunuring Pangmasa ng Panitikang Pilipino Pagkatapos ng Unang Sigwa” ng PAKSA ay nahahati sa apat na porma ang pagtalakay (dula, maikling kuwento, awit at tula), ang ikatlong bahagi ng modyul sa rebolusyonaryong palihan sa panitikan ay nahahati naman sa tatlong pangkalahatang porma: sanaysay, katha at tula.

Walang pagtalakay ang PAKSA sa porma ng sanaysay. Ang pagkaunlad ng sanaysay ay makikita sa talakay ng ARMAS-NDF kung saan pinartikularisa pa sa sub-bahaging ito ang sanaysay: liham, talakayang-buhay at reportahe. Pawang pinagsasanib sa mga napaka-personal na pormang ito ang praktis at politika ng personal na pagsusulat at/o pag-uulat. Halimbawa, ang silbi ng reportahe bilang panitikang saksi ay makikita sa pahayag na ito:

Sa ating araw-araw na gawain sa kanayunan, mahalaga ang mga reportahe upang isadokumento ang mga karanasan at aral sa pakikibaka. Maaaring gumawa ng mga reportahe

upang magkaroon ng “popular na bersyon” ang mga pagtatasa at paglalagom na maaaring paghalawan ng aral ng mga susunod na kadre at aktibista sa Hukbo at lokalidad. Naitatala sa mga reportahe ang panlipunang pagsisiyasat at kasaysayan ng pakikibaka sa bawat kampanya, sa bawat baryo, sa iba’t ibang panahon. Ang mga datos at impormasyon mula rito ay napakahalaga sa pagkatuto at pagsusulong ng iba’t ibang rebolusyonaryong gawain. (2006, 33)

Kung sa dokumento ng rebolusyonaryong panunuri ng PAKSA ay tinalakay ang maikling kuwento, lubos pa itong pinalawig sa modyul ng rebolusyonaryong palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF. Sa dokumento ng PAKSA noong 1971, binigyang-depinisyon ang maikling kuwento bilang

anyong pampanitikan na karaniwang nakasentro sa isang pangyayari at/o isang tauhan sa kuwento.... Sa kalaunan, sa paglilining ng anyong ito sa burges na lipunan, ang takbo ng salaysay ay naging balangkas lamang ng paglalahad sa isang kalagayan o katnagian ng pangunahing tauhan o pansariling pagkatanto o pagbabago niya kaugnay ng isang aspekto ng buhay at lipunan. (1971, 17-18)

Sa modyul ng rebolusyonaryong palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF, ipinaliwanag na

Ang katha o kwento ay isang naratibo o pasalaysay na anyo ng prosa. Ang katha o kwento ay maaaring magbatay o humalaw sa mga totoong tao, bagay o pangyayari ngunit maari itong dagdagan ng di-totoo o kathang-isip (*fictional*) na mga elemento upang mapatingkad ang bagay o kwento na inilalahad.

Sa ating karanasan sa rebolusyonaryong panitikan lalo na mula sa kanayunan, ang mga katha ay kalakhang nakabatay sa mga totoong pangyayari at karanasan, at napakaminimal ng mga di-totoong elementong naidadagdag sa mga ito. Hinihikayat natin ang mga kwento na mula sa aktwal na karanasan kaya’t karamihan sa ating mga “katha” ay matatawag ring mga “naratibong sanaysay. (2006, 36)

Kapansin-pansin sa depinisyong ito na ang paglikha ay mas madalas na *tiyak na katotohanan*, nakalapat sa reyalidad at karanasan, at aktwalisasyon ng mga totoong pangyayari at karanasan na iniaakda sa malikhaing paraan. Kapansin-pansin ang historisidad ng depinisyon at pagpapakabuluhang ito sa katha o kuwento, na hindi lamang nakapokus sa porma kundi sa



mismong “naratibo” nito. Tinalakay rin sa bahaging ito ang nakasanayang trajektori ng isang maikling kuwento, sa kumbensiyonal o tradisyonal na banghayan: eksposisyon, kumplikasyon, sukdukan, denoma, at wakas. Magkasabay na itinuturo ang porma habang laging ipinaaalala ang batayang layunin ng pagkatha:

Hindi kinakailangang laging sundin ang karaniwang balangkas ng banghay sa mga kuwentong isinusulat. May mga kwento na nagsisimula sa pinakasukdukan; may mga kwento na nagsisimula sa wakas at gumagamit ng pamamaraang balik-tanaw o *flashback*. Hinihikayat ang eksperimentasyon ngunit mahalaga na laging ipaalala ang layunin ng kwento at linyang masa upang maging angkop at epektibo pa rin ang eksperimentasyon. (2006, 39)

Sa bahaging tula, binigyang-diin ang dalawang bagay: talinhaga, at tugma at sukat. Nangangahulugan ito, tulad ng sa kuwento, na ang porma ay pinapahalagahan kasabay ng rebolusyonaryong layunin at linyang masang pampanitikan. Nangangahulugan ito nang malaon nang kinakasangkapang diskurso na ang porma ay ideolohikal:

Dalawang bagay ang binibigyang-diin ng mga pagsasanay sa ilalim ng Tula: ang (1) Talinhaga at (2) Tugma at Sukat. Napakapopular ng tulang may tugmaan, lalo na sa kanayunan. Napakapamilyar sa mga kasama at masa ang tula na may tugma at sukat kaya’t ito’y binibigyang-diin sa mga pagsasanay ang pag-aaral hinggil dito. Gayunman, ang modyul na ito ay bukas din sa mga tulang nasa **malayang taluduran**, ang mga tulang ito ay may sari-sariling indayog at “kagandahang” ginagamit din ng rebolusyonaryong kilusan. (2006, 42)

At sa huli, sa pagtatasa, ang modyul sa rebolusyonaryong palihan ay sumasapul sa layunin ng pagpapalaganap ng rebolusyonaryong pamantayan sa paglikha ng sining ng kilusan:

Makakatulong ang dokumentasyon sa mas masinop na pagtatasa ng nilalaman at kondukta ng palihan, at sa malaong pagpapalaganap at pagtataas ng pamantayan ng mga makakalap na likhang-sining. (2006, 7)

Paano nga ba napauunlad ng kilusang Pambansa Demokratiko ang konsepto ng kolektibong paglikha at kolektibong panunuri at pagtatasa? Ani Jose Duke S. Bagulaya sa kaniyang *Writing*

*Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry,*

According to a National Democratic cultural worker, the art of writing in the movement is most of the time an individual act, while criticism is done collectively. As he narrates, there are two situations that push the members of the revolutionary movement to write songs and poetry: individual and party initiative. (2006, 139)

Kung ganito ang dalawang inisyatiba ng pagsusulat ng mga manggagawang pangkultura ng kilusang pambansa demokratiko, nangangahulugan ito na mayroon talagang produksyong pampanitikan ng indibidwal, ngunit sa ganang kilusan, ang akda at ang indibidwal ay bahagi ng kolektibong kamalayan at adhikain ng rebolusyon. Halimbawa, sa dokumentong “Hinggil sa Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan” na matatagpuan sa apendiks ng modyul sa palihan sa panitikan ng ARMAS-NDF, ipinahayag na

Ang rebolusyonaryong panunuri at pagpapaunlad sa mga likhang-sining batay sa panunuri ang esensya ng kolektibong paglikha ng sining. Dapat itong linangin sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwera na lumilikha at nagpapalaganap ng rebolusyonaryong sining. Sa praktikang ito mapangingibabawan ang mga indibidwalistang tendensya sa paglikha ng sining, gaya ng sukdulang pag-angkin at pagmamalaki sa mga obra bilang sarili o “pribadong pag-aari,” karerismo, kumpetisyon o patalbugan, star complex o pasikatan, at iba pang petiburges na aktitud. Nililang nito ang responsibilidad ng artista sa paglikha at pagpapalaganap ng sining na naglilingkod sa masa. (Apendiks, ARMAS 2006, 9)

Ganito rin ang inihihimatong ni Bagulaya. At sa katunayan, binibigyang distinksyon ni Bagulaya “revolutionary literary production” at “solitariness of bourgeois writing”:

The answer lies in the art of criticism. It is the art of criticism that negates the individualism of the creative act. Criticism serves as the antithesis of the text; criticism is a form of collective rewriting. Thus, together, criticism and text complete the dialectic of production and lead to the synthesis of a new text. Criticism, of course, may also include autorcriticism – the self-critique of one’s work.... The essence of criticism is collective, whereby the text undergoes the critical eye of the comrades. It must be examined by the writer’s fellow revolutionaries. They must ask: do the lyrics follow the correct party line? Does the form suit the content? Is

the text easy to comprehend? These critical questions may be simple and may sound naïve and unsophisticated to academic critics but that is its intention – simplicity.... The revolutionary text rather leaves the individual in order to be rewritten in the process of criticism by the collective, and eventually circulates among the masses who, in turn, either accept or reject the text. In the process of circulation and criticism, the revolutionary text becomes not an individual's property but the property of a collective. (2006, 139-140)

Bukod sa kolektibong panunuri, may diin ang modyul sa konsepto ng “kolektibong paglikha.” Tulad ng kolektibong mga hakbang ng Kilusang Pambansa-Demokratiko, ang rebolusyonaryong palihan ay itinuturing na kolektibong danas at pagpapakaranasan:

Ang **palihan** ay serye ng mga pagsasanay kung saan hinahasa ang kaalaman at kakayanan ng mga kalahok sa isang larangan ng gawain, gaya ng paglikha ng sining. Sa aktibidad na ito ay inaasahang matuto kapwa ang mga kalahok at tagapagpadaloy ng palihan upang magkaroon ng kolektibong likha o *output*. (2006, 6)

Bagama't tunog pormal dahil mayroong “kalahok” at “tagapagpadaloy” sa loob ng rebolusyonaryong palihan, makikitang ang designasyon na ito ay pagsisistematisa ng kalakaran ng palihan. Mayroon ring empasis ang modyul sa pagkatuto kapwa ng kalahok at tagapagpadaloy – nangangahulugan ito ng batayang kaisipan na ang pag-aaral at pagkatuto ay hindi nasasalalak sa iisahang panig lamang, kundi ang diin ay sa “kolektibong likha” at “kolektibong paglikha,” bagamat ang kalahok ay itinuturing na “estudyante” at ang “tagapagpadaloy” ay siya namang “guro.” (2006, 8)

Sa katunayan, ang pagsasagawa ng palihan ay hindi impromptu. Nakaprograma ito at pinagkakaisahan, ayon sa rebolusyonaryong paninindigan:

Tungkulin ng mga tagapagpadaloy ang patakbuhan ang buong palihan ayon sa plano at napagkaisan ng pamatnugutan. (2006, 8)

Ang mga palihan ay makatutulong sa pagsisikap ng mga kasama na ilangkap ang sining at panitikan sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain. Ito ay inilulunsad ayon sa pangangailangan at takdang programa ng kaukulang teritoryo, organo, o yunit na maglulunsad ng palihan. Bago pa man ang palihan, inaasahang may pagkakaisa na sa layunin at takbo o

daloy ng palihan ang kaukulang yunit na naglulunsad ng palihan at gayundin ang mga naatasang tagapagpadaloy nito. (2006, 6)

Ang mga kalahok o estudyante ay ang “lahat ng mga rebolusyonaryong pwersang nais matuto ng paglikha ng mga obrang pansining at pampanitikan.” (2006, 8) Kinikilala ng ganitong pagtingin na ang sinuman ay maaaring lumahok sa palihan, bagama’t inihhirati rin sa naturang modyul na “mahalagang tukuyin ang mga indibidwal na elemento na may potensyal at kakayahan, hilig o talent” sapagkat “(s)ila ay maaaring paunlarin bilang kadre o aktibista na mangunguna o mag-eespesyalisa sa gawaing pangkultura sa sining at panitikan.” (2006, 8)

Nangangahulugang itong realistiko ang praxis ng rebolusyonaryong palihan. Ibinubukas ito sa lahat ngunit kinikilala rin ang batayang Marxistang konsepto ng “di-pantay na pagkaunlad” o “uneven development.” Mas matutukoy ito sa sipi mula sa modyul kung saan may pagkilala na, sa makauring pananaw, ang karanasan at edukasyon ng mga miyembro ng rebolusyonaryong kilusan ay hindi magkakapareho at hindi rin lubos na magkakapantay. Ani sa modyul,

Mahalaga ding isaalang-alang ang antas ng literasi ng mga kalahok sa paglulunsad ng palihan. Mainam kung ang lahat ay marunong magbasa at magsulat (lalo na para sa palihan sa panitikan). Ngunit kung hindi man, ang mababang antas ng literasiya ay hindi dapat makasagka sa paglulunsad nito.

Iminumungkahi rin ang paglulunsad ng palihan para sa mga kalahok na may nagkakapareho o nagkakalapit na edad, kultura, linya ng gawain, kakayanan sa sining at kamalayang pampulitika. Bentahe ito para sa maayos na pagpapadaloy at pagbibigay ng kaukulang pag-angkop sa mga talakayan at pagsasanay. Gayunman, may mga pagkakataon na nakakatulong ang pagkakaiba o masaklaw na komposisyon ng mga kalahok para sa mas mayamang pagbabahaginan ng karanasan sa palihan. (2006, 8)

Bukod pa rito’y “(h)inihikayat ang mga kasama na maging malikhain sa pagtuklas ng iba’t ibang pamamaraan sa epektibong pagsasanib ng sining at panitikan sa mga rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at kalunsuran.” (2006, 6)

## Kontinuum at Pagkaunlad

Malinaw na ang disenyo ng palihan ay upang malikhaing pukawin at ipagpatuloy ang rebolusyonaryong adhikain ng eukasyong pampulitika ng kilusan, sa lahat, at ang makapagtukoy ng mga magiging kadreng pampalihan – kadreng pangkultura – na magsisikhay at magpapatuloy ng rebolusyonaryong palihan. Patunay ito na hindi hiwalay ang sining at rebolusyon, na masining (rin) ang pakikibaka.

Sa bahaging “Ang mga Rebolusyonaryong Palihan sa Sining at Panitikan” rin ay inilalatag ng modyul ang demarkasyon sa pagitan ng rebolusyonaryong palihan at burgis na palihan:

Naiiba ang rebolusyonaryong palihan sa burgis na palihan sapagkat layunin ng ating palihan na paunlarin ang kaalaman at kakayahan ng mga kalahok sa paglikha ng sining na tiyak na naglilingkod sa interes ng masa. Sa burgis na palihan, karaniwan na para lamang ito sa pansariling kahusayan, kompetisyon, o kasikatan. (2006, 6)

Matunog sa layuning ito ng rebolusyonaryong palihan ang pangkalahatang mensahe sa PAKSA noong 1971 ni Sison:

Kailangang tandaan nating lagi na hindi mapupukaw at mapapakilos ang sambayanan kung ang obra ng panitikan at sining ay hindi hango sa kanilang buhay, lalo na sa kanilang mga pangangailangan at mithiin. Iniaakyat natin sa mas mataas na antas ang mga kilos at kaisipan ng rebolusyonaryong masa, nang sa gayon ay lalo silang mapasigla sa kanilang pagwasak sa kaaway at pananagumpay laban dito. Ang mga bayaning lumilitaw sa ating mga obra ay dapat ang mga mamamayan mismo at ang kanilang mga katangi-tanging kinatawan na pinapanday sa palihan ng rebolusyon. Ang dapat maging buod ng organikong kaisahan sa isang obrang pampanitikan o pansining ay ang rebolusyonaryong pakikibaka.

Tampok ito sa modyul kung saan nakasaad na “Sa rebolusyonaryong sining ay pinatatampok ang masa bilang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan.” (2006, 6)

Politikal at paradigmatico ang pag-aaral ng panitikan tulad nang kung gaano ka-politikal at ka-paradigmatiko ang mismong akto at konteksto ng paglikha at pag-usbong ng mga textong pampanitikan sa bansa at sa pandaigdigang saklaw. Sa konsepto ng kontinuum (continuum), anumang kultural na

produkto, tulad ng panitikan, ay dumaan sa masalimuot na proseso ng mga tunggalian ng identidad, kasarian, kultura, uring panlipunan, ekonomiya at politika.

Ang konsepto ng kontinuum rin ang nagpapaalala sa atin na posible ang ebolusyon at debolusyon, ang pag-unlad at pag-atras, batay sa mga salik at impluwensiya sa iba't ibang yugto at panahon, sityo at lunan, at mga puwersang pangkultura, pang-ekonomiya at pampulitika. Sa ganang ito, kung sasaludsurin ang inihihimatong na "politikal na kritisismong pampanitikan" sa punto de bista ng (Neo)Marxistang iskolar at kritikong si Rolando B. Tolentino, maasinta na mayroong malaking pangangailangan para sa mga politikal na proyektong pampanitikan, sa partikular ang pag-akda o paglikha at ang kritisismo tungo sa hinihirayang mapagpalayang panitikan.

Upang ipadulamat ang produksiyon at kritisismong pampanitikan na dumaraan sa samu't saring (re)konfigurasyon, ipinatatalos ni Tolentino na ang (re)pormulasyon ng paglikha at pag-usbong ng mga panitikan at kritisismong pampanitikan ay hindi nagaganap sa isang vacuum o kawalang-oras at kawalang-espasyo. Sa katunayan, ang istratohiyang ipinipresenta ni Tolentino, ang kaniyang politikal na kritisismong pampanitikan, ay nakakawing sa tatlong proseso o akto na nakabuod sa pangunahing pamagat ng naturang libro at sa tatlong bahagi ng pag-aaral: *pag-aklas*, *pagbaklas*, at *pagbagtas*:

"Ang *pag-aklas* ay ang paghahanap ng kontraryong bagay at karanasang makakapagpaliyab sa mambabasa-mamamayan na lumaban sa abang politikal na desgnasyon at kinalalagyan, na mayroong isang ahensiya at maaring makapagbuo ng kolektibo ng kahalintulad na lagay na makakatapat sa elaborasyon at rebersal ng hegemoniya ng sistema. Ang *pagbaklas* ang pagkilos tungo sa pagbuyangyang sa panitikan, at maging sa kasaysayan at lipunan, bilang panlipunang konstruksiyon, at sa proseso ng paghihimay ng mga bahaging bumubuo ng estruktura ng kapangyarihan ay napapakitang hubad ang marahas na kapangyarihan, nakakapagmapa ng mga paraan ng pagbalikwas sa kapangyarihan para ibunyag na hindi ito matatag at monolitikong estruktura. Ang *pagbagtas* ay paghahanap ng alterantibo at kaibang daang maaaring tahakin tungo sa pagbuo ng rebolusyonaryong pananaw, ang pananaw na makakapag-interrogate at sa proseso ay makakapagbalikwas sa namamayaning kaayusan. Ito ang transpormasyon ng namamayani tungo sa demokratiko, makatarungan, at mapagpalayang hinaharap. Ang pagsusuri at kritisismong pampanitikan ay emblematicong paghahayang ng pagsusuri at kritisismong panlipunan at historikal. Binabagtas

ng rebolusyonaryong pananaw ang marahs at di-makatarungang kasalukuyan at ang inaasam na mapagpalayang hinaharap." (2009, 26)

Malinaw sa tatlong akto na ito na ang politikal na kritisismong pampanitikan ay hindi hubad sa pinapanigan. Pinagsasanib rin ni Tolentino ang mambabasa at mamayan bilang mambabasa-mamamayan – nangangahulugan na ang mamamayan ay mambabasa/awdyens at ang mambabasa/awdyens ay mamamayan – parehong tagapabasa at tagalikha. Ipinoposisyon rin ang mambabasa-mamamayan sa pangkabuuang larga ng isang rebolusyonaryong politikal na kritisismong pampanitikan. Maaaring sabihin na tulad ng rebolusyonaryong pananaw, ang rebolusyonaryong politikal na kritisismong pampanitikan ay marahas rin, sa ganang may pag-aaklas o paglaban, may pagbaklas o dekonstruksyon – na mga rekisito o pamamaraan ng pagbagtas sa hinihirayang mas malaya at mas mapagpalayang hinaharap – ang (re)konstruksyon ng bago.

Ipinaalala pa nga ni Ramon Guillermo sa kaniyang "Panimulang Salita" para sa aklat ni Tolentino ang talas ng punyal ng rebolusyong pangkultura:

"Nakasalalay ang rebolusyong pangkultura sa paglikha ng makabagong mga institusyong pangkultura na maaaring magkaroon ng pangmatagalang bisa sa pagbubuwag at pagpapalit sa mga estruktura ng pagprodyus, pagkonsumo, at pagdistribuyot ng mga likhang kultural sa loob ng lipunan. Sa larangan ng panitikan ay kinakailangang ipailalim at itransporma (hindi basta na lamang buwagin) ang dating pribilehiyadong mga posisyong institusyonal ng mga manunulat at kritiko sa mga makabagong institusyon na ang pangunahing layunin ay ang mabunga at makabuluhang interaksyon ng mga manggagawang pangkultura sa mga batayang sektor upang maging larangan ang mga ito ng masiglang paglikha, masidhing pagbasa, at malayang pagpapalaganap ng panitikan at sining na mula at para sa anakpawis." (2009, xii)

Samakatuwid, ebidente sa pahayag ni Guillermo na ang konstruksyon ng hinaharap ay nangangailangan ng mapagpasyang pagbabago, ng pagwasak o di kaya'y pagpapanibagong-hubog maging sa mga institusyong pangkultura tulad ng sa larangan ng panitikan, upang makalikha ng mas mapagpanibagong hinaharap.

Ganito rin ang makikita ang sintesis na ginawa ni Bagulaya sa kaniyang pag-aartikula ng estetika ng rebolusyonaryong sining at panitikan ng kilusang Pambansa Demokratiko:

Moreover, another characteristic of the dialectical nature of revolutionary art is the synthesis between the philosophy of dialectical materialism or revolution and the popular art forms – folk and pop songs. The dialectical materialist philosophy serves as the tool for rasing the old feudal forms, "Ismayling" and "Curacha" (forms produced in a feudal setting that carry feudal ideology) to a new revolutionary form. As Gelacio Guillermo puts it, the popular forms used by the masses, like Ismayling and Binasaynon, are injected with revolutionary content in order to serve as instruments for politicizing, organizing, and motivating the masses. (2006, 142)

Nangangahulugan ito na naiiahon ang mga pyudal na elemento ng panitikan at nakalilikha ng mga bago, popular at rebolusyonaryong sining. (Bagulaya 2006, 142) Sa "Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan," binigyang-depinisyon ang konsepto ng "panitikan":

Ang panitikan ang kalipunan ng mga malikhaing akda mula sa isang partikular na yugto o panahon, o sa isang partikular na bansa o lipunan. Ang iba't ibang anyo ng panitikan gaya ng sanaysay, katha, dula, tula at iba pa ay mabisang mga sandata kung malalangkapan ng progresibo at rebolusyonaryong nilalaman. Sa rebolusyonaryong kilusan, ang panitikan ay karaniwang matutunghayan sa mga nakasulat na propaganda, publikasyon at pagtatanghal. Ang panitikan ay dapat paglingkurin sa interes ng sambayanan. (2006, 9)

Kapansin-pansin ang kontinuum ng ideolohiyang pampanitikan ito ng ARMAS sa manipesto ng PAKSA, sa pag-unlad ng pag-aaral nina Guillermo, Tolentino at Bagulaya, at sa pagsasanib ng teorya at praktika ng palihan sa mga naunang aktibidad nina Kasamang Tulisan at Kasamang Anna Bundok. Ang sintesis ng pagpupursigi ng rebolusyonaryong palihan ay maaaring gawing halimbawa ng pagpapaunlad ng rebolusyonaryong pangkulturang gawain tungo sa mapagpalayang mga causa at adhikain. At tulad nang nabanggit sa modyul, nakasalalay at nakasandig pa rin sa masa, sa madla, sa tulong ng rebolusyonaryong mga praktikang panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkultura tulad ng rebolusyonaryong palihan, kung tatanggapin ang isang bagong sistemang hindi pa nararanasan ng sambayanang Pilipino.



## Mga Sanggunian

- Artista at Manunulat ng Sambayanan-National Democratic Front of the Philippines (ARMAS-NDF). *Modyul para sa mga Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan*. 2006.
- \_\_\_\_\_. *Apendiks ng Modyul para sa Rebolusyonaryong Palihan sa Panitikan*. 2006.
- Jose Duke S. Bagulaya. *Writing Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2006.
- Ramon Guillermo. "Panimulang Salita" sa *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas: Politikal na Kritisismong Pampanitikan* ni Rolando B. Tolentino. Quezon City: University of the Philippines Press. 2009, pp. vii-xiv.
- Bienvenido Lumbera. "Ang Wikang Katutubo at ang Kamalayang Filipino." *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2000. pp. 96-104.
- \_\_\_\_\_. "Young Writing and the Subversion of the Academe." *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2000. pp. 185-190.
- National Democratic Front of the Philippines. Article IV: General Program. Inakses sa [http://ndfp.net/joomla/index.php?option=com\\_content&task=view&id=27&Itemid=37](http://ndfp.net/joomla/index.php?option=com_content&task=view&id=27&Itemid=37)
- Pambansang Kagawaran sa Edukasyon ng Partido (PAKED) sa tulong ng Pambansang Kawanihan sa Instruksyon ng Partido (PKI). "Kurso sa Pagsasanay ng mga Instruktor ng Pambansa-Demokratikong Paaralan." Monograp. Walang petsa. Inakses sa <http://www.padepaonline.com/>
- Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan. "Panitikan Mula sa Masa at Tungo sa Masa." Kongreso ng Pagtatatag ng PAKSA. Disyembre 18-19, 1971.
- Jose Maria Sison. "Mensahe sa PAKSA Hinggil sa mga Tungkulin ng mga Kadre sa Larangan ng Kultura." Inakses sa <http://www.padepaonline.com/index.php/mensahe-sa-paksa-hinggil-sa-mga-tungkulin-ng-mga-kadre-sa-larangan-ng-kultura.dhtml>
- Rolando B. Tolentino. *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas: Politikal na Kritisismong Pampanitikan*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2009. <http://padepaonline.com>

## Mga Panayam:

Kasamang Tulisan (hindi tunay na pangalan). Personal na panayam. Oktubre 12, 2010. Faculty Lounge, Faculty Center, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

Kasamang Anna Bundok (hindi tunay na pangalan). Personal na panayam. Oktubre 9, 2010. El Jardin, Quezon City.